**Ang ika-17 na LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG COVID 19**

Ang Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Marso 5, 2021

**Re: Pagtugon sa Muling Pagpapatuloy ng "Ikalawang Gawaing Emerhensiya" ng Gobiyerno**

Ngayong araw, inaasahan na ang Muling Pagpapatuloy ng "Ikalawang Gawaing Emerhensiya" ay ipapahayag ng Gobiyerno. Bilang tugon sa pagdating ng Pagpapahayag ng Gobiyerno, "Ang mga Gawaing Pag-iingat upang mapigilan ang impeksiyon ng Covid 19 sa aking ika-15 na Liham" ay patuloy na ilalapat sa buong Diyosesis, alinsunod sa "Mga Patnubay para sa Paglaganap ng Impeksiyon ng Covid 19" na inilathala ng Catholic Bishops' Conference of Japan na kagaya ng dati.

**"Ang mga Gawaing Pag-iingat upang mapigilan ang mga Impeksiyon ng Covid 19 sa aking ika-15 na Liham" ay patuloy na ilalapat sa buong Diyosesis hanggang ang "Ikalawang Gawaing Emerhensiya" ay tatanggalin na ng Gobiyerno (inaasahan sa Marso 21). Kung sakaling ang Ika-lawang Gawaing Emerhensiya ay tatanggalin ng Gobiyerno na mas maaga bago ang Marso 21, ipaalam ko sa aking susunod na liham.**

Magpapasalamat ako sa inyo dahil sa inyong pang-unawa sa kahalagahan ng ating mga gawain na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos upang protektahan ang buhay ng lahat. Sa loob ng mahabang panahon ng pagsubok, sisikapin natin na magdasal para sa isa't-isa, at sama-samang gumawa para sa Diyos.

---

**Hanggang "Ang Ikalawang Gawaing Emerhensiya" ay tatanggalin, lahat ng mga pampublikong mga misa sa Linggo at ordinaryong araw ay suspendido.**

**Sa loob ng mga araw na sinabi sa itaas, lahat ng mga mananampalataya ay binigyang dispensa sa kanilang mga obligasyon sa pagdalo sa mga misa sa Linggo.**

**Lahat ng mga gawaing pamparokya o pagtitipon ay kanselado, maliban sa napakaimportanteng pagpupulong para sa pagpapalago ng mga parokya.**